

Patakarán, Pananaliksik at Ebalwasyon

/ Balangkas at mga Tuntunin ng Inihiwalay na Koleksiyon ng Datos ng Lahi

upang mapatibay at maisapamantayan ang pangongolekta ng datos batay sa lahi, pag-aanalisa at pag-uulat ng inihihiwalay na datos ng pamahalaan at institusyon.

/ Balangkas ng Pagtatasa sa Epekto ng Paglaban sa Rasismo

upang maagap na asahan at tanggalin ang hindi sinasadyang pagkiling sa pamamagitan ng pagsuri kung paano naiiba ang epekto sa mga pangkat ng Katutubo at mga pangkat na biktima ng rasismo sa mga programa at patakaran ng pamahalaan at mga institusyon.

Pagka- maipagpapatuloy at Pananagutan

/ Lehislasyon Laban sa Rasismo

upang mabigyang daan ang nagpapatuloy na commitment ng pamahalaan laban sa rasismo kasama ng panukalang lehislasyon, na, kung maipasa, ay magbibigay sa pamahalaan ng kapangyarihan na iutos ang paggamit ng mga pamantayan ng pagkolekta ng datos na nauugnay sa lahi at ng balangkas ng pagtatasa sa epekto ng paglaban sa rasismo. Ang panukalang lehislasyon ay magbibigay rin ng mga inisyatibo, nasusukat na mga target, pag-uulat sa publiko at konsultasyon sa pamayanan kaugnay ng pakikipaglaban sa rasismo sa pamamagitan ng narenew na pangmaramihang taon na mga plano sa estratehiya.

/ Pag-uulat sa Publiko tungkol sa Progreso

upang ipakita ang nagpapatuloy na resulta ng “A Better Way Forward” at ibahagi ang mga leksiyong natutunan.

Edukasyon at Kamalayan ng Publiko

/ Tinatarget na Edukasyon at Kamalayan ng Publiko

upang laliman ang pang-unawa ng publiko sa maraming uri ng rasismo, kabilang ang pagtuon rasismo laban sa Itim, rasismo laban sa Katutubo, laban sa Hudyo, pagiging ayaw sa Muslim, at ibang mga uri ng rasismo laban sa mga pangkat na biktima ng rasismo tulad ng mga Sikh. Bilang bahagi ng trabahong ito, makikilahok ang mga samahan ng pamayanan upang mas maunawaan ang mga dahilan at epekto ng pagiging ayaw sa Muslim, pasulungin ang edukasyon ng publiko para sa mga estudyante at saliksikin ang koleksiyon at publikasyon ng naiulat na mga insidente ng pagiging ayaw sa Muslim.

Pagtutulungan ng pamayanan

/ Pangkat na Pangkonsultasyon ng Ministro Laban sa Rasismo

upang mabigyang daan ang nagpapatuloy na dayalogo kasama ng mga partner ng pamayanan at mga kinatawan ng negosyo sa paglaban sa rasismo at pagiging eksperto na sinadya para sa sektor pati na rin ang napamuhayang karanasan, upang masuportahan ang pagpapatupad ng plano.

/ Kumperensiya Laban sa Rasismo

upang mapagsama-sama ang mga mananaliksik, mga partner ng pamayanan, mga eksperto at mga tagagawa ng patakaran para magpalitan ng kaalaman at tasahin ang mga tool ng pamahalaan laban sa rasismo, mga estratehiya at mga balangkas.

Mga inisyatibo laban sa rasismo na pinasadya sa populasyon

Mahalaga ang pagharap sa rasismo sa kabuuan, ngunit hindi tayo magkakaroon ng isang paraan ng isang sukat na akma sa lahat. Mahalagang tugunan ang hindi magkapantay na malaking pagkakaiba na nahaharap ng ilang pamayanan.

/ Estratehiya na Laban sa Rasismo sa mga Itim

upang tugunan ang rasismo laban sa mga Itim sa partikular na mga sektor, tulad ng child welfare, edukasyon at hustisya, sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga inisyatibo ng ka-partner na ministry at pagtatakda ng mga nasusukat na target na iuulat sa publiko.

/ Estratehiya na Laban sa Rasismo na Nakatuon sa mga Katutubo

upang pasulungin ang pagtutulungan sa mga partner na Katutubo para puntiryahin ang rasismo sa sistema na naranasan ng mga Katutubong tao, nagpapamalas sa commitment ng pamahalaan sa pagkakasundo.

/ Estratehiya na Laban sa Rasismo sa Serbisyo-Publiko ng Ontario (Ontario Public Service o OPS)

upang dagdagan ang kaalaman at sensitibidad sa rasismo sa sistema, at bumuo at magpatupad ng mga tool, mga taktika at mga target upang labanan ang rasismo sa OPS.



A BETTER WAY FORWARD: ANG 3-TAON NA PANG-ESTRATEHIYANG PLANO NG ONTARIO Laban sa Rasismo ay tumatarget sa rasismo sa sistema sa mga patakaran, desisyon at programa ng pamahalaan upang ang lahat ay makatutupad sa kanilang natatanging potensiyal at lubos na lumahok sa lipunan.

Ang rasismo sa sistema - kabilang ang rasismo laban sa mga Itim, rasismo laban sa mga Katutubo, pagiging ayaw sa Muslim at mga rasismo na naranasan ng ibang biktima ng rasismo na mga pamayanan - ay malalim na nakaugat sa ating pang-araw-araw na buhay at sa mga institusyong inaasahan natin para sa mahalagang mga serbisyong pampubliko. Lumilikha ito ng karagdagang agwat sa pagitan ng may karapatan (privileged) at ng maralita (disadvantaged). Hindi ito katanggap-tanggap, at kailangan nating baguhin ang paraan ng paggawa natin ng mga bagay-bagay at buwagin ang mga balakid para maisulong ang pagkakapantay-pantay ng lahi.

A BETTER WAY FORWARD

Ang 3 Taong Plano sa Estratehiya ng Ontario Laban sa Rasismo

A BETTER WAY FORWARD: ANG 3 TAONG PLANO SA ESTRATEHIYA NG ONTARIO laban sa Rasismo ay pangungunahan ng Directorate Laban sa Rasismo ng Ontario. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa:

ontario.ca/antiracism



PHOTOGRAPHY HASNAIN DATTU

[Ontario.ca/antiracism](https://ontario.ca/antiracism)